

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Kagawaran ng Mga Lupain (Lands Department)

Ang Kagawaran ng Mga Lupain ay nagsusumikap na makamit ang kahusayan sa pangangasiwa ng lupain sa Hong Kong para sa higit na pakinabang ng komunidad. Ang Kagawaran ay nagsusumikap sa pagpapanatili ng takbo kasabay sa kalakaran ng ekonomiya at merkado sa kahulugang lokal at rehiyonal; patuloy na susuriin ang mga patakarán at gumamit ng pinakamahusay na mga kaugalian upang matugunan ang pabagu-bagong pangangailangan ng komunidad; bumuo at magpanatili ng kultura ng propesyonalismo at pagiging bukas; at gumamit ng napapanahong teknolohiya at pakinabangan ang mga mapagkukunan ng tao upang mapahusay ang pagkamapanlikha at galing sa paggawa. Kami ay nakatuong tinitiyak ang pantay-pantay na paglapit sa aming mga serbisyo ng mga taong magkakaibang lahi.

Mga Serbisyon May Kinalaman

- Ang Kagawaran ay responsable sa pangangasiwa ng lupain sa teritoryo. Kabilang sa mga serbisyon ito ang paglalaan at pag-aabot ng lupain ng pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng Hong Kong; pagkuha ng pribadong lupain at paglilinis ng lupain na kailangan para sa mga gawaing pampubliko at proyekto; at pamamahala ng pagapapaupa at kapangyarihan ng pamahalaan sa lupain. Ang Kagawaran ay nagsisilbi rin bilang namumunong awtoridad sa mga pag-survey ng lupain at lahat ng uri ng pagmamapa sa Hong Kong.

Umiiral na Mga Panukala

- Ang impormasyon tungkol sa aming mga serbisyo ay makukuha sa websayt ng kagawaran sa dalawang opisyal na wika (i.e. Tsino at Ingles). Ang lahat ng polyeto at pamplet ng impormasyon ay inilathala sa parehong opisyal na wika para sa pangkalahatang impormasyon ng publiko.
- Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring makakuha ng

iba't ibang impormasyon at mga serbisyo ng Kagawaran sa pamamagitan ng hotline sa katanungan ng kagawaran, sa email/fax/koreo, o sa mga counter ng serbisyo sa iba't ibang tanggapan ng Kagawaran.

- Mag-aayos ng serbisyong interpretasyon kung kinakailangan sa pamamagitan ng Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER) at/o ibang mga tagabigay ng serbisyo. Ang CHEER ay nagbibigay ng mga serbisyong interpretasyong pantelepono sa walong wika, tulad ng Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese. Ang impormasyon sa naturang serbisyo sa interpretasyon ay makukuha sa mga counter ng serbisyo sa iba't ibang tanggapan ng Kagawaran.
- Ang mga istatistika tungkol sa mga katanungan/reklamo patungkol sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa wika ay regular na kinukuha at inilalathala sa websayt ng kagawaran. Regular ding ipinapalaganap ang mga email sa mga kawani para sa pagpapahusay ng kanilang kamalayan sa pagkakapantay-pantay ng lahi. Inihahanda ang mga nasa harapang opisyal upang dumalo sa mga kurso sa pagsasanay tungkol sa pagiging sensitibo sa lahi at sa pagkakaiba-iba ng kultura. Ang paksang ito ay naisama na sa mga kursong pagtatalaga para sa mga bagong rekrut ng Kagawaran.

Pagtatasa ng
Gawain sa
Hinaharap

- Pana-panahong susuriin ng Kagawaran ang mga serbisyo nito, isinasaalang-alang ang mga katugunan at mungkahi mula sa publiko kung naaangkop upang lalong mapahusay ang kalidad ng aming mga serbisyo.

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ipinatupad/
Ipatutupad

- Ang mga kawani ay hinihikayat at tinutulungang makatanggap ng pagsasanay upang mapahusay ang kanilang kamalayan sa, at pagiging sensitibo sa, pagkakapantay-pantay ng lahi.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa **Deputy Departmental Secretary/General** (Bb TSANG Suet-lan, Michelle) sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono : 2231 3233
Fax : 2536 0827
Email : ddsg@landsd.gov.hk
Address sa Koreo : 21/F, North Point Government Offices,
333 Java Road, North Point, Hong Kong.

Kagawaran ng Mga Lupain
Mayo 2023